Republic of the Philippines
**Department of Education**
National Capital Region
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of Mandaluyong
Tel. no. 533-60-85 Fax. no.532-71-17
E-Mail Address: depedmandaluyongy@gmail.com
Official Website: depedmandaluyong.wordpress.com

Hulyo 27, 2015

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RELEASED
BY: [signature]
DATE: 7/27/15
2:57PM

**MEMORANDUM**

PARA SA: Hepe, CID at SGOD
Pansangay na Tagamasid
Punungguro, Pampublikong Paaralan Lebel Sekondarya
Opisyal ng CID at SGOD

## SABAYANG-BIGKAS KONTEST 2015
## IMBITASYONAL

1. Ipinagbibigay-alam sa larang na ang University of Asia and the Pacific, College of Arts and Sciences ay muling magsasagawa ng **Sabayang-Bigkas Kontest 2013- Imbitasyonal** sa darating na selebrasyon ng Buwan ng Wika. Ito ay gaganapin sa ika-22 ng Agosto, 2015 para sa eliminasyon at sa ika-28 ng Agosto, 2015 naman ang final round.

2. Kalakip nito ang liham mula sa UA&P. Samantalang ang opisyal na piyesang gagamitin, ilang mahahalagang detalye, regulasyon at mga paalalang pumapaloob sa contest ay naipamahagi na noong nakaraang pagpupulong.

3. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng **Memorandum** na ito.

**NERISSA L. LOSARIA, CESO VI**
Nanunuparang Pinuno
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

# UNIVERSITY OF ASIA AND THE PACIFIC
## COLLEGE OF ARTS AND SCIENCES

01 Hulyo, 2015

Dr. Nerissa L. Losaria
District Superintendent
City of Mandaluyong

Mahal na Dr. Losaria:

PAGBATI PO MULA SA UA&P COLLEGE OF ARTS & SCIENCES!

Sa labing-isang taon ng aming aktibong pagkikiisa sa pagpapalakas ng wikang Filipino, muling magsasagawa ng isang malaking pagdiriwang ang **University of Asia and the Pacific** sa darating na selebrasyon ng **Buwan ng Wika 2015**. Marami pong mga programa at gawain ang aming inihanda mula sa ika-22 ng Agosto, 2015 sa pangunguna ng mga estudyante mula sa unang taon ng mga klase sa kursong Filipino 101. Isa po sa aming mga malaking gawain ang taunang **SABAYANG-BIGKAS KONTEST – IMBITASYONAL** na gaganapin **sa ika-22 ng Agosto, 2015 ang ELIMINASYON at sa ika-28 ng Agosto, 2015** naman ang **FINAL ROUND**.

Sa halos sampung taon na pagsasagawa ng kontest na ito, tumanggap ng maraming positibong reaksyon at pagkilala ang proyektong ito mula sa mga institusyon pang-akadmik, at sabihin pa, mula sa iba't ibang pribado at pampublikong tanggapan sa bansa. Kaya naman, muli naming ibinabalik ang pinaniniwalaan naming isang malaking instrumento sa pakikiisa ng aming University sa wikang Filipino tungo sa pagkilala rito na isang akademik na wika. Isa rin po itong pagpapahalaga sa kagalingan ng makasining na pagpapahayag ng mga kabataang Pilipino mula sa sekundaryang lebel. Malaking halaga at mga prestisyosong trophy ang naghihintay sa mga mananalong paaralan. Kasama po ng papel na ito ang opisyal na pyesang gagamitin, ilang mahahalagang impormasyon, regulasyon at mga paalalang pumapaloob sa kontest.

Ipinapasa po namin sa inyong tanggapan ang sampung (10) sulat-imbitasyon para sa mga paaralang nasa ilalim ng inyong destrito upang inyong malagyan ng inyong opisyal na endorso. Malaking halaga at mga prestihiyosong trophy ang naghihintay sa mga mananalong paaralan. Kasama po ng papel na ito ang opisyal na pyesang gagamitin, ilang mahahalagang impormasyon, regulasyon at mga paalalang pumapaloob sa kontest.

Umaasa po kami na inyong pangungunahan ang pagsali sa kontest na ito, bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng sambayanan sa Buwan ng Wikang Pambansa!

Lubos na Sumasainyo,

**John Louie A. Guado**
*Kontest Master*
*Sabayang-Bigkas Kontest 2015*

**Aliyah A. Papica**
*Contest Logistics Head*
*Sabayang-Bigkas Kontest 2015*

Binigyang Pansin:

**Vivencio M. Talegon, Jr.**
*Faculty-In-Charge, SBK 2015*

**Moreal N. Camba**
*Chair, CAS – Departamento ng Filipino*